

# Alamin ang Mga Katotohanan Tungkol sa Tuberculosis (TB)

Ang pag-unawa sa TB ay makakatulong upang maprotektahan mo ang iyong sarili, ang iyong pamilya, at ang iyong komunidad

Ang tuberculosis (TB) ay isang kumplikadong isyu sa kalusugan at kadalasang hindi nauunawaan. Ang TB ay maaaring mabuhay sa iyong katawan sa loob ng maraming taon nang walang mga sintomas. Tinatawag itong hindi aktibong TB o nakatagong impeksyon sa TB. Ang hindi aktibong TB ay maaaring maging aktibong sakit na TB anumang oras at makapagdulot sa iyo ng sakit. Tinatayang aabot sa **13 milyong tao sa Estados Unidos ang nabubuhay nang may hindi aktibong TB**, na kung hindi magagamot ay maaaring maging aktibong sakit na TB. Alamin ang mga katotohanan at tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagsusuri para sa impeksyon sa TB.

## KATOTOHANAN:

Ang mga mikrobyo ng TB ay maaaring manatiling hindi aktibo sa katawan ng isang tao sa loob ng maraming taon nang walang mga sintomas at maaaring maging aktibo anumang oras.




Kapag iniisip ng karamihan sa mga tao ang TB, iniisip nila ang tungkol sa mga sintomas tulad ng pag-ubo at hirap sa paghinga. Bagama't totoo ito para sa aktibong sakit na TB, ang mga taong may hindi aktibong TB ay walang anumang sintomas at hindi “nakakadamang” may sakit sila. Ang tanging paraan para makatiyak kung mayroon kang hindi aktibong TB ay sa pamamagitan ng pagpapasuri.

Kung hindi magagamot, 1 sa 10 tao na may hindi aktibong TB ang magkakasakit ng aktibong sakit na TB, na maaaring kumalat sa iba at maaaring maging nakamamatay. Ang panganib ng pagkakaroon ng aktibong sakit na TB ay mas mataas para sa mga taong may mahinang immune system o sa mga may diabetes, kanser, at HIV.

## KATOTOHANAN:

Ang mga mikrobyo ng TB ay kumakalat sa pamamagitan ng hangin mula sa isang tao patungo sa isa pa.



Ang mga mikrobyo ng TB ay kumakalat sa pamamagitan ng hangin kapag ang isang taong may aktibong sakit na TB ay umuubo, nagsasalita, o kumakanta. Maaaring malanghap ng mga taong nasa malapit ang mga mikrobyo ng TB at mahawahan sila nito.

Ang TB ay **HINDI** kumakalat sa pamamagitan ng:

- pakikipaghiraman ng mga sepilyo
- panghihipo ng mga sapin ng higaan o mga toilet
- laway mula sa pakikipaghalikan
- pagbabahagi ng pagkain, inumin, o kagamitan
- pakikipagkamay sa isang tao

Ang TB ay mas malamang na kumalat sa mga taong gumugugol ng oras kasama ng isang taong may aktibong sakit na TB tulad ng isang miyembro ng pamilya, kaibigan, o kasamahan.

### KATOTOHANAN:

Maaari kang magkaroon ng TB kahit na nabakunahan ka na.



Isa sa mga karaniwang mito ang paniniwalang protektado ka na sa TB kung nabigyan ka na ng bakuna laban sa TB (kilala rin bilang bacille Calmette-Guérin o BCG na bakuna). Ngunit ang totoo, humihina ang proteksyon ng bakuna laban sa TB sa paglipas ng panahon.

Kung nakatanggap ka na ng bakuna laban sa TB, sabihin ito sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, lalo na kung magpapasuri ka para sa impeksyon sa TB.

### KATOTOHANAN:

Kahit na na-screen ka na para sa TB sa panahon ng proseso ng iyong imigrasyon, maaari ka pa ring magkaroon ng hindi aktibong TB nang hindi mo nalalaman.



Ang TB ay karaniwan sa buong mundo, ngunit kung ipinanganak ka sa Asia, Africa, o Latin America, mayroon kang mas mataas na posibilidad na mahawa sa TB dahil mas karaniwan ito sa mga rehiyong ito. Iniisip ng ilang tao na dahil na-screen na sila sa panahon ng proseso ng kanilang imigrasyon sa Estados Unidos, wala na silang TB. Gayunpaman, hanggang 2019, ang mga eksaminasyon sa imigrasyon ay para lamang sa aktibong sakit na TB. Maaaring mayroon kang hindi aktibong TB at hindi mo ito alam.

Mahigit sa 80% ng mga taong nagkakasakit ng aktibong sakit na TB sa Estados Unidos bawat taon ay nagkakasakit mula sa hindi nagamot na hindi aktibong TB, na maaaring maging aktibong sakit na TB pagkalipas ng ilang taon o kahit ilang dekada pa. Kaya naman mahalagang makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagpapasuri.

### KATOTOHANAN:

Maaaring gamutin ang hindi aktibong TB upang maiwasan ang sakit na aktibong TB.



Kahit na wala kang mga sintomas ng hindi aktibong TB, maaari kang magkaroon ng aktibong sakit na TB, na kumakalat sa ibang tao, maaaring magdulot sa iyo ng sakit, at maaaring maging nakamamatay ito kung hindi gagamutin. May mga magagamit na opsyon sa paggamot upang mapigilan na magkaroon ka at ang iyong mga mahal sa buhay ng aktibong sakit na TB at magkasakit.

Kung mayroon kang hindi aktibong TB, mahalaga ang pagkumpleto ng iyong paggamot upang maiwasan ang aktibong sakit na TB. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyong mga gamot, at magtanong tungkol sa mga mapagkukunan sa komunidad na maaaring makasuporta sa iyo sa iyong plano sa paggamot.

Inirerekomenda ng CDC na magpasuri ang mga taong nanganganib na magkaroon ng TB. Kung mayroon kang hindi aktibong TB, may magagamit na mga paggamot na makakatulong sa iyo na maprotektahan ang iyong sarili at ang iyong mga mahal sa buhay mula sa pagkakasakit ng aktibong sakit na TB.

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagpapasuri.



Upang matuto pa tungkol sa TB at sa kung paano mo mapoprotektahan ang iyong sarili at ang iba, bisitahin ang [www.cdc.gov/thinktesttreattb](http://www.cdc.gov/thinktesttreattb)